MANILA, (PIA) -- The City Government of Navotas has passed the 2022 Good Financial Housekeeping (GFH) standards of the Department of the Interior and Local Government (DILG) for its clear and distinct utilization of public funds. "The seal of good financial housekeeping serves as validation of our efforts to spend our budget and finances in a transparent and honest manner while delivering programs and services most beneficial to our constituents," Mayor John Rey Tiangco said. "We owe this recognition to our city government employees for their continued commitment to provide quality public service, and to all Navoteños for their unwavering support to our brand of governance," he added. A local government unit that passes the GFH is compliant with the Full Disclosure Policy (FDP) of Local Budget and Finances, Bids, and Public Offerings. Fourteen documents such as Annual Budget, Statement of Receipts and Expenditures, Annual Procurement Plan or Procurement List, Bid

Results On Civil Works, Goods and Services and Consulting Services, among others must be posted in three conspicuous places and the FDP portal in a concise and timely manner. Receiving the GFH also entails an unqualified or qualified Commission on Audit (COA) opinion of the immediately preceding year. Navotas has obtained COA's Unqualified Opinion, the highest mark it can give an LGU or government agency, for seven consecutive years. It is the only LGU in Metro Manila with such record. Last year, the city was also conferred the DILG Seal of Good Local Governance (SGLG). The GFH is a component of the SGLG along with Disaster Preparedness; Social Protection; Health Compliance and Responsiveness; Sustainable Education; Business Friendliness and Competitiveness; Safety, Peace and Order; Environmental Management; Tourism, Heritage Development, and Culture and the Arts, and Youth Development. **(PIA-NCR)**

Land titling project benefits over 16K farmers: DAR

MANILA – A total of 16,888 agrarian reform beneficiaries (ARBs) nationwide have received their individual electronic land titles and have benefited from the Department of Agrarian Reform's (DAR) Support to Parcelization of Lands for Individual Titling or Project SPLIT. In a press release on Tuesday, DAR Secretary Conrado Estrella III assures that despite the tedious and rigorous process of subdividing collective certificates of land ownership awards (CCLOAs), the DAR is slowly but steadily making some progress in Project SPLIT. DAR Assistant Secretary for Field Operations Joey Sumatra, concurrent SPLIT national director, said a total of 18,802 e-titles covering 23,898 hectares of agricultural lands nationwide have been distributed.

He said that DAR has already validated around 522,688 hectares out of the 591,572 hectares funded for parcelization. This is equivalent to 88 percent accomplishment, covering 50,249 previously distributed CCLOAs. However, Sumatra clarified that the newly validated agricultural lands are still subject to re-documentation. This is to complete the required documents for each ARB to be submitted to the Registry of Deeds (RODs) for eventual registration. Meanwhile, Estrella announced that documents for around 38,196 hectares of agricultural lands have been submitted to various RODs (Register of Deeds) nationwide, and have been cleared for processing and generation of e-titles to be released and distributed to ARBs within this year. "Subdividing collective CLOAs for each individual ARBs undergoes a very rigid process and we cannot afford to make a mistake," he said. He said that around 107,344 hectares of farmlands have been re-documented and are due for submission to the RODs for final evaluation and assessment. The RODs will do the validation of data, revisit copies of CCLOAs with annotated ARBs, the approved survey plans, and the actual master lists of ARBs, while the DAR-SPLIT validation team is tasked to establish who among the listed ARBs have already passed away, abandoned or sold their rights of ownership, are still in possession of their respective shares of farm lots, and those merely squatting in the absence of any proof of transfer of rights of ownership. "Everything is really done under close scrutiny since we do not want to redo the process. We want to make sure that everything is in order," Estrella said. The World Bank-funded SPLIT project aims to improve land tenure security and stabilize the property rights of some 1.14 million ARBs nationwide covering 1.37 million hectares of land, by subdividing the previously distributed CCLOAs, and turning them into individual land titles for distribution to qualified ARBs. **(PNA)**

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
City of Bacoor
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph
Telephone No. 09273707489

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,
(otherwise known as Pag-IBIG Fund)
Mortgagee,

-versus- Foreclosure No. 2023-14
For: Extra Judicial Foreclosure
of Real Estate Mortgage

GRICHELLE PRADO married to
SHEANDE PRADO,
Mortgagor,

----- x

NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund)** at The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue., Makati City, and against **GRICHELLE PRADO married to SHEANDE PRADO** at Lot 20 Blk. 4 Abel Nosce Street, Villa Grande BFRV Las Pinas City, Metro Manila, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of December 15, 2022, amounts to **EIGHT HUNDRED SIXTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRES EIGHT PESOS & 93/100 (P869,408.93)**, Philippine Currency, inclusive of interest and penalty charges, but exclusive of other fees incident to this foreclosure, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on March 7, 2023 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2012008671

"A PARCEL OF LAND (LOT 83, BLOCK 27 OF THE CONS.-SUBD. PLAN, PCS-04-025617, BEING A PORTION OF LOTS 7081-A & 7081-B, PSD-04-001444; LOT 7082, PLS-2283; LOT 6683, IMUS FRIAR LAND ESTATE & LOT 2, PCS-04-025171, L.R.C REC NO.) SITUATED IN BARANGAY OF MOLINO, MUNICIPALITY OF BACOR, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. X X X CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS."

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 14, 2023**, without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances if any there be.

City of Bacoor, January 31, 2023.

MELY C. HERMOSURA-VISTA
OIC-Clerk of Court V

By:

ARTHUR T. SAN MIGUEL
Sheriff IV

COPY FURNISHED:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
(otherwise known as Pag-IBIG Fund)

The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City

ATTY. MELANIO A. BADENAS, JR.

RM. 209 Megastate Bldg.,
No. 737 G. Araneta Ave., Tatalon Quezon City

GRICHELLE PRADO married to SHEANDE PRADO

Lot 20 Blk. 4 Abel Nosce Street, Villa Grande BFRV Las Pinas City, Metro Manila
Lot 83 Blk. 27 Lessandra Heights Brgy. Molino 4, Bacoor, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: HANEP February 6, 13 & 20, 2023

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
FAMILY COURT
BRANCH 4
Imus City, Cavite
fc1imu0004@judiciary.gov.ph
Tel. No. (046) 418-1948

OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE

IN RE: PETITION FOR APPOINTMENT OF
COMMISSION AS NOTARY PUBLIC FOR
AND IN THE PROVINCE OF CAVITE,

NP Case No. 00297-22

ATTY. GODFREY S. RAGUDO,
Petitioner,

x ----- x

NOTICE OF HEARING

Pursuant to Section 5, Rule III, A.M. No. 02-8-13-SC 2004 Rules on Notarial Practice, notice is hereby given that a summary hearing on the petition for notarial commission of **ATTY. GODFREY S. RAGUDO** shall be held on **February 24, 2023** at Branch 4-Family Court, Imus City, Cavite at 10:00 a.m. Any person who has any cause or reason to object to the granting of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

In consonance with the above-mentioned provision of the law, Atty. Ragudo is hereby directed to publish this notice summary hearing in a newspaper of general circulation, as may be chosen by raffle. The Clerk of Court, Office of the Clerk of Court, s directed to post this notice in a conspicuous place in the offices of the Executive Judge and of the Clerk of Court.

SO ORDERED.

Imus City, Cavite, January 24, 2023.

ADELIZA H. MAGNO-GINGOYON
Executive Judge

Publication: HANEP February 13, 2023

Titulong 'Mother-Baby Friendly Hospital,' ipinagkaloob ng DOH-CHD Mimaropa sa OMPH

LUNGSODNG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)

– Tinanggap kamakailan ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher Dolor na kumatawan kay Gob. Humerlito Dolor, kasama sina Provincial Health Office-OIC Dr. Cielo Angela Ante at OMPH Chief of Hospital Dr. Dante Nuestro ang plake ng pagkilala at sertipikasyon ng akreditasyon mula sa Department of Health Center for Health Development (DOH-CHD) Mimaropa na ang Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH) ay isa ng 'Mother-Baby Friendly Hospital' na. Iginawad ang titulo base na rin sa pagsisikap na maisakatuparan ang mahahalagang pamantayan sa pangangalaga sa mga

ina at sanggol nito na kabilang sa pagkakaroon ng naturang ospital ng mga polisiya; pagbibigay ng pagsasanay at oryentasyon para sa mga kawani para dito, pangangalaga at paghahanda sa mga buntis bago manganak, pag-aalaga sa mga ina matapos manganak, pagbibigay kaalaman hinggil sa wastong pagpapasuso pagkaanak sa sanggol at tamang pag-aalaga at pagpapalaki sa bata ng mga nanay matapos manganak. Itinuturo rin sa naturang ospital ang kahalagahan ng matagal na pagsasama ng ina at ng sanggol at maramdaman kung nagugutom na ito at dapat ng pasusuhin, pagpapayo sa mga nanay hinggil sa panganiib na dulot ng mga



GOMPER GIRL, BUO ANG REMATE!

Isang malakas at matulis na pagremate ang ibinida ng kabayong si Gomper Girl sa pambungad na karera Condition Race 17 & 18 (Merged) nung nakaraang linggo sa karerahan ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan, Batangas. Naghari ang galing ng hineteng si JD "King" Flores at nakitaan ng gigil sa laban dahil hindi tinigilan sa pagpalo ang kanyang sakay na si Gomper Girl hanggat hindi natitiyak ang panalo. Sa largahan ay maganda ang naging salida ni Eazacky na nirendahan ni CB Ardon, ngunit agad naman na umarangkada si Goldsmith na pinatungan ni John Allyson Pabilic upang pangunahan ang laban, pangatlo si Stayinthemoment na ginabayan ni Karvin Malapira, pang-apat si Pulang Lupa na pinatnubayan ni Ryan Jay Tabor, panlima si Dragon Butterfly na lulan ni Claro Pare Jr., habang ang bida na si Gomper Girl ang bugaw sa simula. Pagsapit sa back stretch ay hawak pa rin ng kuwarto liyamado na si Goldsmith ang bandera, kasunod ang paborito na si Stayinthemoment, pangatlo ang quinto liyamado na si Eazacky,

pang-apat ng may apat na kabayong agwat ang tersero liyamado na si Dragon Butterfly, panlima ang segundo liyamado na si Gomper Girl, habang ang pinakadehado na si Pulang Lupa ang nalipat sa likuran. Pagpasok sa far turn ay halos magpantay sa harapan sina Goldsmith sa tabing balya at si Stayinthemoment sa gawing labas, nasa ikatlong puwesto pa rin si Eazacky at sabay na numeremate sa ika-apat na posisyon sina Gomper Girl at Dragon Butterfly. Pagtungong sa home stretch ay si Stayinthemoment na ang namamayagpag sa unahan, kasunod sa tabing balya si Goldsmith at bumubulusok sa gawing labas si Gomper Girl. Mapapansin na hindi na tinantanan ni Jonathan sa pagpalo si Gomper Girl kaya lalo pang nag-init ang ating winning horse. Pagdating sa huling 50 meter ay tuluyan ng nakalamang si Gomper Girl at tinawid ang meta ng may dalawang kabayong agwat mula sa nasegundo na si Stayinthemoment, tersero si Dragon Butterfly at pang-apat ang napagod na si Goldsmith. Pumoste si Gomper Girl ng tiyempong 1:25 (13-22'-23-26) para sa distansyang 1,400 meter.

feeding bottles, teether at pacifier; at pag-gabay sa mga ina hinggil sa wastong pangangalaga sa kanilang sanggol kapag ito ay lalabas na ng ospital. Sumunod din ang OMPH sa itinadhana ng batas ng Philippine Milk Code sa pagkaloob ng tamang kaalaman para sa wastong pangangalaga at pagpapalaki sa kanilang

mga anak, sa pamamagitan ng pagbibigay ng oryentasyon sa mga manggagawa ng ospital hinggil sa kahalagahan ng pagtuturo ng breastfeeding, at ang pagtatalaga ng dalawang Lactating Station sa ospital o lugar kung saan pwedeng magpasuso ang mga nanay. (DN/PIA-OrMin/PIO-OrMin)

UTAK SA PAGPATAY SA KAWANI NG OMBUDSMAN, NAHULI

BUMAGSAK sa kamay ng mga tauhan ng Quezon City Police District (QCPD) ang itinuturong utak sa pagpatay sa empleyado ng Ombudsman kamakailan. Ayon kay QCPD Director PBGEN Nicolas D Torre III, sa pamamagitan ng extra judicial confession, si Dexter Cruz y Alambat, 45, at isa ring empleyado ng Office of Ombudsman ang siyang itinuro ng gunman na si Marlon Ayup Neri na nagpapatay sa biktimgang si Dianne Jane Paguirigan, 37, na nagtatrabaho bilang Admin Aide VI sa Office of the Ombudsman. Sinabi ni General Torre na pagkatapos ituro ni Neri sa mga pulis na si Cruz ang mastermind sa pagpatay kay Paguirigan agad na nagsagawa ng follow up operation ang pinagsanib na pwersa ng CIDU; District Special Operation Unit (DSOU), QCPD sa pangunguna ni PLTCOL Rolando S Lorenzo Jr. at Galas Police Station (PS 11) sa ilalim ni PLTCOL Richard Ian Ang, conducted follow-up operation nitong ika-06 ng Pebrero ganap na alas 7:50 ng gabi kung saan nahuli ang mastermind na si Cruz sa Block 14, Lot 7, Central Avenue, Barangay Culiati, Quezon City. Ani General Torre, si Neri ay nahuli ng mga tauhan ni PMAJ Don Don Llapitan ng Criminal Investigation and Detection Unit (CIDU QCPD) nitong ika-06 ng Pebrero makaraang matunton ang kanyang p a n s a l a m n t a l a n g tinutuluyuan sa No. 151 Susano Road, Barangay San Agustin, Novaliches, Quezon City, apat na araw matapos maganap ang krimen. Habang isinasagawa ng mga tauhan ng CIDU (QCPD) ang imbestigasyon sinabi umano ni Neri na siya ang pinakahuling kinausap ni Cruz tungkol sa planong pagpatay kay Paguirigan. Dahil matagal ng magkakilala sina Cruz at Neri, simula pa noong May 2013 ay naging madali na sa kanilang dalawa ang mag-usap. Matagal na umanong pinagplapanu ni Cruz na ipapatay si Paguirigan subalit hindi natuloy dahil tumanggi ang isang gunman na nauna ng kausap ni Cruz na nagngangalang "Mako".

Matapos tanggihan ni "Mako" ang pinapatrabaho ni Cruz ay agad naman itong nakipag-ugnayan kay Neri at nagkasundong magkikita sa Manila North Cemetery noong unang araw ng Nobyembre taong 2022 upang pag-usapan ang planong pagpatay kay Paguirigan sa lalong madaling panahon. Sa salaysay ni Neri, sinabi nito na noong Disyembre 2022 ay muli silang nagkita at nag-usap ni Cruz at sa halagang Php30,000 ay napagkasunduan na isagawa ang krimen sa unang araw ng Pebrero taong kasalukuyan. Ganap na alas 8:20 ng umaga eksaktong unang araw ng Pebrero kagaya ng napagkasunduan, dala ang litrato ng biktima ay tinambangan na ng suspek si Paguirigan habang ito ay naghihintayngmasasakyan sa harap mismo ng RCBC Bank sa kanto ng Quezon Avenue at Cordillera St., Barangay Doña Josefa, Quezon City. Nakumpiska ng mga pulis kay Cruz ang isang 12gauge shotgun with serial number UZ16-12066; isang Colt M4 Commando with serial number CL2141418; isang Bersa thunder 9mm with serial number 807420; isang Taurus PT 739 with serial number 88444B; apat na Magazine ng Cal. 5.56; dalawang magazine ng Cal. 9 mm; isang magazine Cal. 380; isang rifle bag; dalawang inside holster; 134 live ammunitions ng cal. 5.56; 20 live ammunition ng caliber 9mm; limang live ammunition of caliber 380; isang belt bag at isang hand grenade. Idinagdag pa ni General Torre na si Cruz ay nahaharap sa mga kasong Frustrated Murder; paglabag sa Republic Act 10591 o sa Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Law at Republic Act 9516 o the Illegal Possession of Explosives na inihain na sa Quezon City Prosecutor's Office. "Ang team QCPD ay mahigpit ang pagbabantay sa buong Lungsod Quezon kung kaya binabalaan ko ang sinumang gagawa ng krimen na katulad nito na huwag niyo nang ituloy sapagkat kami ay hindi titigil sa paghahanap sa inyo hanggang mahuli namin kayo", ani Torre. **(Paulo B Flores)**

Suporta sa mga MSMEs, layong paigtingin ng DTI Laguna at Pagsanjan LGU

PAGSANJAN, Laguna (PIA) — Napagkasunduan ng Department of Trade and Industry (DTI) Laguna at ng pamahalaang bayan ng Pagsanjan ang pagpapatupad ng mga programa at inisyatibo para sa ikauunlad ng mga Micro, Small, and Medium Enterprises o MSMEs. Sa idinaos na pulong nitong Pebrero 6, ibinahagi ni Mayor Cesar Areza kay DTI Laguna OIC Provincial Director Christian Ted Tungohan ang ilan sa kanyang mga hangarin para sa pagpapalago ng ekonomiya ng Pagsanjan at kung paano makakatulong ang kagawaran upang maisakatuparan ito. Kabilang rito ang pagre-rebisa sa Investment Code ng Pagsanjan upang

makaakit ng karagdagang m a m u m u h u n a n g negosyante sa bayan. Inaasahang lalahukan naman ng mga MSMEs ang pagdaraos ng Trade Fair sa Marso kasabay ng Bangkero Festival, at ang selebrasyon ng MSME Week sa Hulyo. Ibinahagi rin ng DTI Laguna ang ilan sa mga programang iniaalok nito para sa mga MSMEs gaya ng paghikayat sa mga negosyanteng mag-sumite ng Barangay Micro Business Enterprise (BMBE) Certificate of Authority upang makatanggap sila ng mga kaukulang benepisyo kabilang na ang exemption sa pagbabayad ng income tax. Nakatakda namang

tumulong ang ahensya sa Pagsanjan Persons With Disabilities Affairs Office upang maitayo ang isang Pasalubong Center sa loob ng CLA Mall Pagsanjan. Upang epektibong maisakatuparan ang koordinasyon ng DTI Laguna at ng pamahalaang

bayan para sa mga MSMEs, nakatakdang mag-donate ng 500 sq. m. na lupa ang Pagsanjan sa ahensya upang makapagpatayo sila ng tanggapan sa bahagi ng Brgy. Biñan. Ayon sa DTI Laguna, patuloy silang tutulong sa mga negosyante sa bayan para sa patuloy na paglago ng kanilang kabuhayan. **(CH/PIA-Laguna; may ulat mula DTI Laguna)**

Tiklo sa nakaw na motorsiklo

ARESTADO ang isang lalaki na namataan habang minamaneho ang nakaw na motorsiklo sa Bacoor City, Cavite Miyerkules ng gabi. Kasong Anti Fencing Law ang kinaharap ng suspek na si Johh Clark Esteban, nasa wastong edad, matapos ireklamo ni Oliver Molito y Carovan, nasa wastong edad. Sa reklamo ni Molito, dakong alas-10:00 ng gabi ay aktong nakita niya ang biktima sakay ng motorsiklong Mio Sporty

na may conduction sticker na 041-00001090066 sa Zapote 5, Bacoor City. Humingi ng tulong si Molito kina Dixter Ronquillo Tabangay at Antonio Villa Ruel y Sapungan, kapwa barangay tanod ng Zapote 5, Bacoor City na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek. Nabatid na ang nasabing motorsiklo ay inulat na nawawala at pinaniniwalaang ninakaw noong January 26, 2023. **GENE ADSUARA**

'Kilabot na tulak' bumagsak sa buy bust

ISA umanong sinasabing kilabot na tulak ang swak sa kulungan matapos maaresto sa buy bust operation sa Dumaguete City Negros Oriental kamakailan. Tinatayang nasa isang kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng P6.9 million ang nakumpiska sa 54-anyos na suspek na si Fernando Saraga. Masasabi umanong kilabot sa larangan ng droga ang suspek dahil nakakayang makapagbagsak ng isang kilo ng shabu sa loob ng isang buwan. Kaya naman nagsakatuparan ang mga awtoridad ng masinsinang pagmamanman sa suspek

bago ganap na ikinasa ang operasyon. Naging matagumpay naman ang buy bust operation ng mga tauhan ng Philippine Drug Enforcement Agency Region 7 na ginawa sa Brgy. Calindagan ng naturang lungsod. Batay sa record, 2012 ay nahuli na ang suspek dahil na rin sa kasong drug pushing at 2016 ay nakalaya matapos ang plea bargain nito. Kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang kinaharap ng suspek. **RUBEN LACSA**

Ex-con, dalaga; patay sa pamamaril

ISANG ex-convict at isang dalaga ang kapwa napatay sa magkahiwalay na insidente ng pamamaril kamakailan sa Cotabato City. Ang dating preso na kinilalang si Arven Facturan Ponce, 36, may asawa, ng ng Purok Pagkakaisa Barangay Poblacion 2, Cotabato City ay malapitan umanong pinagbabaril ng mga hindi nakilalang salarin. Isinagawa ang pamamaril habang nakaupo lamang ito sa isang tindahan at nagawa namang maisugod pa sa pagamutan subalit binawian din ng buhay dahil sa umano'y tinamong dami ng bala ng baril.

Samantala, ang 20-anyos na dalagang si Munward Jordan Imam ay lulan ng tricycle sa Boliao 1 Supermarket Mother Barangay Poblacion, Cotabato City. Bigla umano ang pagsulpot ng mga hindi nakilalang suspek na nagsagawa ng pamamaril. Sugatan si Cristel Mangubat ,19, dalaga, na kasamang sakay ni Imam sa nasabing traysikel. Nag-imbetiga ang Cotabato City Police sa naturang dalawang shooting incident na pareho umanong kalibre 45 ang ginamit sa pamamaril. **MARCK BADION**

DA, nagbigay ng cold storage at iba pang tulong para sa industriya ng sibuyas sa OccMdo

SAN JOSE, Occidental Mindoro (PIA) -- Nagkaloob ng mga cold storage facility ang Department of Agriculture (DA) sa industriya ng sibuyas sa lalawigan, ayon sa Office of the Provincial Agriculturist (OPA). Sa panayam ng DA kay Engr. Alrizza Zubiri, opisyal ng OPA, sinabi nitong unang pinondahan ng Kagawaran ang pagtatayo ng dalawang cold storage facility na maaaring maglaman ng 10,000 red bags ng sibuyas bawat isa. Iginawad ang mga ito sa Mindoro Progressive Multipurpose Cooperative (MPMPC) at Lourdes Multipurpose Cooperative. Prayoridad aniya ng nabanggit na dalawang kooperatiba na tulungan ang kanilang mga kasapi na makapag-imbak ng sibuyas upang hindi agad maibenta sa mababang halaga sa panahon ng anihan. "Meron din sila (DA) ngayong proposed, almost approved, ongoing ang processing of papers, dalawang unit ng (cold storage) na 20,000 red bags ang capacity," dagdag ni Zubiri. Inaasahang anyang magagamit ang nabanggit na mas malaking kapasidad na storage sa taong 2024.

Isa pang tulong na ibinibigay ng DA ay sa pamamagitan ng Agribusiness and Marketing Assistance Division (AMAD). Tumutulong ang AMAD sa marketing ng mga produktong agrikultura ng probinsya. "Nai-link ng AMAD ang isang kooperatiba na nagtatanim ng white onion sa Jollibee Corporation," ayon pa kay Zubiri. At noong kasagsagan aniya ng paghahanap ng cold storage para sa mga sibuyas ng probinsya, tumulong ang AMAD upang makapaghatid ng produkto sa mga cold storage sa Laguna. "Pagdating sa interventions ng DA, hindi kami nakakalimutan," ani Zubiri. Gayunman, kung ibabatay aniya sa laki ng pangangailangan ng Occ Mindoro ay kulang pa rin ang natatanggap nilang suporta. Nauunawaan naman ito ng opisyal at sinabing batid nila ang limitadong pondo ng Kagawaran na kailangang paghati-hatian ng iba't ibang probinsya. Kaya naman malaki ang pasasalamat ni Zubiri sa DA dahil patuloy ang inihahatid na tulong sa lalawigan sa ilalim iba't ibang mga programa lalo na sa mga makinariyang pansaka. **(VND/PIA MIMAROPA)**

DOST-CAR PROMOTES ECO-FRIENDLY PINOY INVENTIONS

THE Department of Science and Technology (DOST) Cordillera Administrative Region (CAR) promotes products using eco-friendly technologies by top Filipino inventors in a forum held in Baguio City on Tuesday, Feb. 7.

The event at Elizabeth Hotel was attended by DOST Undersecretary for Regional Operations, Engr. Sancho A. Maborang; Dr. Nancy A. Bantog, regional director of DOST-CAR; Engr. Angel L. Maguen, assistant regional director of DOST-CAR; Engr. Victoriano Ocon, CEO of Vic Metal Fabrication and Environmental Services, Inc.; Engr. Jimson Uianza, president of Lead Core Technology System, Inc. (LCTSI) and Entrepreneur, Francisco 'Popoy' Pagayon, chairman of the Filipino Inventors Producers Cooperative (FIPC).

Resource persons Uianza discussed about energy storage system while Ocon talked about solid waste management along with Pagayon who showcased his multi-purpose speed grains solar dryer Portasol. Maborang acknowledged that DOST-CAR has potential to offer a lot in science technology and innovations but was somehow "overlooked" and he promised to focus on the region this time.

The technology offered by Ocon's Advance Waste Solutions (AWS) is the latest and currently provides the best way of waste management. Easy installation, low operation cost, minimal land requirement and a

healthy solution to waste problem are just few of the advantages of this technology.

Waste, garbage thrash are some of the social environmental problems affecting and increasing with time and population and need to be addressed, according to Ocon. These wastes are clogging canals, waterways, streets, open dumpsites and sometimes being burned in open spaces despite efforts of local government units and the Department of Environment and Natural Resources (DENR) to address the issue.

On the other hand, Pagayon said his Portasol doesn't need maintenance, repair. This is a grain drying equipment especially needed during rainy season and to avoid contamination from insects and rodents.

"Our target are small-time farmers who are forced to sell their rice cheap because it's wet or damp," Pagayon explained. But with Portasol, they can sell at a higher price. He said that with the help of DOST, they were able to use hybrid plastic as technology for doing his invention.

He said that based on studies, the farming industry loses P12-billion a year from the ineffective ways of rice drying.

The hybrid generator system is another technology used by Lead Core Technology System, Inc. or LCTSI headed by its president Engr. Uianza. The company is a 100% Filipino corporation. It achieved the status of a "Total Stored Energy Solutions Provider," on its



10 years of existence in the industry.

The company offers wide range of products from industrial batteries, fuel cells, renewable energy and to services such as installation, monitoring and testing, commissioning and preventive maintenance. The company has created its own niche in the industry and established strong International and local allies and affiliates. LCTSI's manpower has a unique combination of skills, professionalism and dedication able to meet the ever-evolving challenges of the industry.

Uianza presented his hybrid generators using only running water that can

supply a small house with 5 kw power.

Forum guests from Manila included Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) president Nelson Santos, FISPC president Bimbo Doran, directors Davis Pagayon, Dennis Pagayon, Rey Sanchez, among others.

Meanwhile, event guests from provincial science and technology offices included Aileen Myrna Malangan from Abra; Jovelyn Sienna - Apayao; Melecio Balangen Jr. - Benguet; Don Ognayon - Ifugao; Karl Ian Martinez - Kalinga; Alfonso Berto- Mt. Province.



IPINAABOT ng mga katutubo o indigenous people, mula sa bahagi ng Mindanao at Palawan, ang kanilang panawagan kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. sa pamamagitan ng pulong-balitaan na isinagawa sa National Press Club kamakailan. Humarap sina Datu Raddin Igwas, Kidapawan City, BAE Mahumay Inda National Special Tribal Force Defense for Peace and Development Inc. Kulamenen Manovu BAE Ojing Noemi Dogohoy and Datu Larry Tanola, ng Surigao del Sur, Bae Mary Hatago at Datu Fercuto ng Agusan del Sur, Datu Allan Joy Sumandang ng Davao City at Mr. Roy Bero mula El Nido Palawan.

Hihiling nila ang sakiulo mula kay Pangulong Marcos na may kinalaman sa mga usaping ancestral domain gayundin ang pagpapalawig at pagsasaayos ng mga suliranin nila bilang IP's.

Naniniwala silang ang Chief Executive ang makakalutas sa matagal ng usapin o problemang kanilang kinakaharap. **CHRISTIAN HERAMIS**



NAHULI sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Hon. Adolfo Ecomienda, Judge RTC Fourth Judicial Region Branch 57 Lucena City ang Top 1 Most Wanted Regional Level na kinilalang si Jaynold Ballon Y Lagrason 32, tubong Dalahican, Lucena City, na nagtago ng 12 taon sa kasong murder. Ayon kay PMajor Joselito B Delos Reyes, hepe ng Warrant Section ng MPD Station 11, kasama ang mga tauhan Lucena Police sa pagkakadapik kay Ballon sa kahabanan ng Sevilla St., kanto ng Jaboneros St, Binondo Manila, habang nagtratrabaho bilang construction worker. **CHRISTIAN HERAMIS**



TMR Course Graduate: Inilalagay ni NCRPO Deputy Regional Director for Operations (DRDO), PBGEN JACK L WANKY ang Course Badge sa isa sa 93 na mga pulis NCRPO na nagtapos ng isinagawang 'Tactical Motorcycle Rider Course Class 2022-02 and 03' sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City kamakailan kung saan sa loob ng 42 araw ay tinuruan at sinanay nina PCOL JULIUS GUADAMOR, hepe ng Regional Learning and Doctrine Development Division (RLDDD), ang 51 policemen at 42 policewomen kung papaano ang tamang pagsakay at pagpapatakbo ng motorsiklo habang nagpapatupad ng batas sa pagtugis sa mga kriminal sa lansangan at maagap na pagresponde sa mga lugar na nangangailangan ng police assistance dito sa Kalakhang Maynila. **(Paulo Flores)**

HANEP

Basahin Mo Ito!



Panlasa at tadhana

SA bawat laban o kompetisyon ay mayroong nananalo at natatalo.

Natural na ang hangad ay ang panalo pero dapat ay ihanda ang kalooban sakaling matalo.

Sumali sa isang patimpalak o contest na ang pagkapanalo ay nakasalalay sa mga hurado at pwedeng kasama rin ang voting system mula sa mga manonood.

Nakasalalay ang pagkapanalo sa panlasa ng mga judges gayundin sa mga audience.

Pananaw naman ng iba na kung talagang nakaguhit sa tadhana ay para sa iyo ang panalo.

Hindi naman naiiaalis sa isipan ng ilan na posibleng nagkaroon ng dayaan.

Parang eleksiyon ah, tuwing may naganapan na halalan ay kaakibat ang dayaan sa isipan sa hanay ng talunan.

Malinis o marumi man ang pagkapanalo ay tila umaayon sa tadhana. Ngat nga lamang dahil nariyan ang karma at iyon ay tatakda sa kanya.

Ikaw na winasak at pinabagsak ay darating din sa iyo ang karma pero ito ay good karma.

Maniwala ka dahil mayroong tunay na nakakaalam ng wastong panlasa para sa tamang tadhana.

'Wag ka lang bibitiw at makakalimot.

magtatakda.

Kahit sa simpleng kasamahan mo na gumagawa ka ng 'baluktot' na sistema ay maaaring sabihing isang uri ng laban o kompetisyon.

Lalo pa kung nais mong mapabagsak ang iyong kasama dahil sa pansariling interes lamang.

Iba ang panlasa ng iyong kasamahan na may kaakibat na galit o inggit kaya sa ano mang pamamaraan ay ibabagsak ka.

Napabagsak ka sa kabila na lumalaban ka naman ng patas at tama pero hindi nangangahulugan na panalo na siya.

Kagaya ng aking pagkakasabi ay nariyan ang karma at iyon ay tatakda sa kanya.

Ikaw na winasak at pinabagsak ay darating din sa iyo ang karma pero ito ay good karma.

Maniwala ka dahil mayroong tunay na nakakaalam ng wastong panlasa para sa tamang tadhana.

'Wag ka lang bibitiw at makakalimot.



ACCOUNTING OF PERSONNEL: Patuloy na isinasakatuparan ng Northern Police District (NPD) sa pamumuno ni NPD Director PBGEN PONCE ROGELIO I PENONES ang regular na Accounting of PNP Personnel at spot inspection sa pangunguna ni Police Executive Master Sergeant Randy Santiago, District Executive Senior Police Officer (DESPO), upang mabigyan na din ng paalala ang mga pulis na nakatalaga sa NPD hinggil sa tamang bihis at pangangalaga sa kanilang kalusugan para sa mas epektibong paglilingkod sa mamamayan at pagbabantay ng katahimikan. **(Paulo Flores)**